

PATAKARAN SA PAGPAPAHINTO NG SERBISYO NG TUBIG SA MGA RESIDENTE NG LUNGSOD NG MILLBRAE

I. Tesksto ng Patakarang

Ang patakarang ito ay pinagtibay upang matugunan ang mga obligasyon ng Lungsod ng Millbrae sa ilalim ng California Government Code Section 60370 et seq., California Public Utilities Code Section 10001 et seq. at Health and Safety Code Section 116900 et seq., na namamahala sa paghihinto ng ilang serbisyon pang utilidad. Health and Safety Code Section 116900 et seq., ang Water Shutoff Protection Act na pinagtibay ng SB 998, ay nag-aatas sa mga tagapagtustos ng tubig sa kalunsuran at mga sistema ng tubig sa kalunsuran at komunidad, gaya ng Lungsod ng Millbrae, na magpatibay ng isang nakasulat na patakarang tungkol sa paghinto ng serbisyo ng tubig sa mga tirahan dahil sa hindi pagbabayad.

Ang patakarang ito ay matatagpuan at mababasa sa website ng Lungsod ng Millbrae sa wikang Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at sa anumang iba pang wika na sinasalita ng hindi bababa sa sampung porsyento (10%) ng mga residente sa lugar ng serbisyo.

II. Pagbabayad para sa Serbisyo ng Tubig sa Tirahan

Ang bawat residente na tumatanggap ng serbisyo ng tubig mula sa Lungsod ng Millbrae ay kinakailangang makapagbayad para sa naturang serbisyo sa loob ng tatlong (30) araw mula sa pagpapadala ng pahayag ng pagsingil, kung saan ito ay ituturing na delinkwente. Maliban sa ipinagbabawal ng batas, ang Lungsod ng Millbrae ay magkakaroon ng karapatan na ihinto ang serbisyo ng tubig para sa kabiguan gumawa ng kumpleto at napapanahong pagbabayad. Hindi ipahihinto ng Lungsod ng Millbrae ang serbisyo sa tirahan, dahil sa hindi pagbabayad, hanggang ang paksa account ay nadelinkwente ng hindi bababa sa animnapung (60) araw sa kalendaryo.

III. Hindi Pagsang-ayon sa Singil

Kung naniniwala ang isang kostumer na siya ay labis na nasingil para sa serbisyo ng tubig sa tirahan o siningil para sa serbisyo ng tubig na hindi naibigay, maaari nilang ilaban ang halagang dapat bayaran sa pamamagitan ng pagpapadala ng pasulat na abiso sa Lungsod ng Millbrae, sa loob ng limang (5) araw pagkatapos matanggap ang pahayag ng pagsingil, sa 621 Magnolia Avenue, Millbrae, CA 94030. Susuriin ng Lungsod ang impormasyong ibinigay ng kostumer at iimbestigahan ang paksa. Ang Finance Director o ang Public Works Director ay dapat gumawa ng desisyon batay sa lahat ng impormasyon at magkakaroon ng awtoridad na ayusin ang halagang dapat bayaran sa patas at pantay na paraan, kung naaangkop.

Sa pagkakataon na ang kostumer ay hindi sumasang-ayon sa naging desisyon, maari nilang iapela ang pasya ng Finance Director o Public Works Director sa pamamagitan ng pagsulat sa City Manager sa loob ng limang (5) araw magmula sa araw ng pagpasya. Muling susuriin ng City Manager ang mga ulat at dito bubuo ng pagpapasiya sa loob ng labinlimang (15) araw ng trabaho. Ang desisyon ng City Manager ay magiging pinal. Hindi ipahihinto ng Lungsod ng Millbrae ang serbisyo ng tubig sa tirahan habang nakabinbin ang isang apela.

IV. Abiso ng Pagwawakas ng Serbisyo sa Tirahan

Ang Lungsod ng Millbrae ay magbibigay sa mga kostumer at/o aktwal na mga gumagamit ng abiso ng delinkwenteng pagbabayad at ang nalalapit na pagwawakas ng serbisyo, gaya ng iniataas ng batas.

V. Pag-iwas sa Pagwawakas ng Serbisyo sa Tirahan

Ang mga kostumer at/o aktwal na gumagamit ng serbisyo ng tubig ay maaaring makipag-ugnayan sa isang kinatawan sa pagtawag sa (650) 259-2350, upang talakayin ang mga opsyon sa pag-iwas sa pagwawakas ng serbisyo sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad.

Sa loob ng labintatlong (13) araw sa kalendaryo ng pagtanggap ng abiso ng pagwawakas o anumang oras bago matanggap ang naturang abiso, maaaring hilingin ng isang kostumer na aprubahan ng Lungsod ng Millbrae ang isang alternatibong opsyon sa pagbabayad upang maiwasan ang pagwawakas, kabilang ang ipinagpaliban o pinababang plano sa pagbabayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o kasunduan na hulugang bayaran ang mga delingkwenteng halaga/utang. Sa oras ng naturang kahilingan, bibigyan ng kostumer ang Lungsod ng Millbrae ng dokumentasyon na nagpapatunay na ang singil ay lampas sa kakayahan ng customer na makapagbayad nang buo sa itinakdang panahon ng pagbabayad.

Sa pangkalahatan, maaaring ipahintulot ng Lungsod ng Millbrae ang anumang naturang kahilingan sa sarili nitong pagpapasya, ngunit ipahihintulot nito ang naturang kahilingan, at hindi tatapusin ang serbisyo ng tubig sa tirahan, kung ang lahat ng sumusunod na kundisyon ay natutugunan:

1. Ang kostumer o isang nangungupahan sa kostumer ay nagsumite sa Lungsod ng Millbrae ng isang sertipikasyon ng isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga (gaya ng tinukoy sa Welfare and Institutions Code section 14088(b)(1)(A)) na nagpapatunay na ang paghinto ng serbisyo sa tirahan ay magiging banta sa buhay, o magdudulot ng malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng residente ng lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo; AT
2. Ang kostumer ay nagpakita na siya ay walang kakayahang makapagbayad ng serbisyo ng tubig sa tirahan sa loob ng itinikdang pagsingil ng Lungsod ng Millbrae sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod:
 - a. Ang isang miyembro ng sambahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o
 - b. Ipinapahayag ng kostumer na ang kanyang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng antas ng pederal na kahirapan; AT
3. Ang kostumer ay sumasang-ayon na pumasok sa isang kasunduan na hulugang pagbabayad, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano para sa ipinagpaliban o pinababang pagbabayad, na naaayon sa patakarang ito.

Sa ganoong pagpapakita o sa sarili nitong pagpapasya, kung naaangkop, ang Lungsod ng Millbrae ay mag-aalok sa kostumer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon:

1. Hulugang bayad ng natitirang balanse.
2. Alternatibong iskedyul ng pagbabayad.
3. Bahagya o buong pagbabawas ng hindi nabayaranang balanse.
4. Pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

Ang Lungsod ng Millbrae ay maaaring mamili ng opsyon sa pagbabayad na angkop isagawa ng kostumer, at maaaring magtakda ng opsyon sa pagbabayad, sa sariling pagpapasya ng Lungsod ng Millbrae. Ang anumang napiling opsyon sa pagbabayad ay dapat magresulta sa buong pagbabayad ng natitirang balanse sa loob ng labindalawang (12) buwan, subalit ang Lungsod ng Millbrae ay maaaring magbigay ng mas mahabang palugit kung ito ay kinakailangan upang makaiwas sa hindi nararapat na paghihirap batay sa partikular na kalagayan ng kostumer.